PROPOSISYON

# 32 PINAPATAAS ANG PINAKAMABABANG SAHOD. INISYATIBANG BATAS.

## OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 97 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

- Ang pinakamababang sahod ng California ay kasalukuyang $16 kada oras. Pinatataas ng panukalang ito ang pinakamababang sahod na iyon, tulad ng sumusunod:
  - Ang mga employer na may 26 o higit pang empleyado ay magbabayad ng $17 kada oras para sa natitirang bahagi ng 2024 at $18 kada oras simula sa Enero 1, 2025.
  - Ang mga employer na may 25 o mas kaunting empleyado ay magbabayad ng $17 kada oras simula Enero 1, 2025, at $18 kada oras simula Enero 1, 2026.
- Pagkatapos noon, gaya ng itinatadhana ng umiiral na batas, ang pinakamababang sahod ay aayusin para sa inflation.
- Bilang karagdagan sa karaniwang naaangkop na pinakamababang sahod na inilarawan sa itaas, ang mga kasalukuyang batas ay nagtatakda ng mas mataas na pinakamababang sahod sa mga tinukoy na industriya. Hindi inaamyendahan ng panukalang ito ang mga batas na iyon.

### BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Maaaring tumaas o bumaba ang mga gastos ng pamahalaang pang-estado at lokal. Ang pagbabagong ito ay malamang na hindi lalampas sa mataas na daan-daang milyong dolyar taon-taon.
- Malamang na bababa ang mga kita sa buwis ng estado at lokal. Ang pagkawala ng kita na ito ay malamang na hindi lalampas sa ilang daang milyong dolyar taon-taon.

32

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

## PINAGMULAN

***Ang mga Pang-estado at Lokal na Batas ay Nagtatatag ng mga Pinakamababang Sahod.*** Dapat bayaran ng mga employer ang kanilang mga manggagawa ng hindi bababa sa pinakamababang sahod. Ang pinakamababang sahod ng California ay kasalukuyang $16 kada oras. Ang ilang lokal na pamahalaan ay may mas mataas na pinakamababang sahod. Ang mga batas sa pinakamababang sahod ay hindi nailalapat sa mga independiyenteng kontratista at ibang mga taong nagpapatrabaho sa sarili.

***Mga Pag-aakma sa Implasyon Ayon sa Kasalukuyang Batas.*** Ang mga presyo ay may posibilidad na tumaas sa paglipas ng panahon. Ang mga tumataas na presyo ay tinatawag na "implasyon." Iniaakma ng estado ang pinakamababang sahod bawat taon batay sa implasyon. Ang bawat pag-aakma ay tumutugma sa implasyon ng U.S., maliban sa dalawang kaso:

- Kung negatibo ang implasyon, walang pag-aakma.
- Kung ang implasyon ay lumampas sa 3.5 porsyento, ang pag-aakma ay 3.5 porsyento.

***Nagtatatag ang Estado ng Mas Mataas na Pinakamababang Sahod para sa Ilang Employer.*** Ang mga batas ng estado ay nagtatakda ng mas mataas na pinakamababang sahod para sa mga employer sa ilang industriya. Halimbawa, karamihan sa mga fast food restaurant ay dapat bayaran ang kanilang mga manggagawa ng hindi bababa sa $20 kada oras.

## MUNGKAHI

***Mas Mataas na Pinakamababang Sahod sa 2025.*** Sa 2025, ang California ay magkakaroon ng iba't ibang pinakamababang sahod para sa mga employer na may iba't ibang laki. Ang mga employer na may 26 o higit pang empleyado ay magkakaroon ng pinakamababang sahod na $18 kada oras. Ang mga employer na may 25 o mas kaunting empleyado ay magkakaroon ng pinakamababang sahod na $17 kada oras. Kung wala ang Proposisyon 32, ang pinakamababang sahod para sa lahat ng empleyado ay magiging mga $16.50 kada oras. Hindi babaguhin ng proposisyon ang anumang lokal o partikular sa industriya na mga pinakamababang sahod.

***Pinakamababang Sahod na $18 Bawat Oras sa 2026.*** Sa 2026, ang pinakamababang sahod ay magiging $18 kada oras para sa lahat ng empleyado Kung wala ang Proposisyon 32, malamang na ito ay humigit-kumulang $17 kada oras.

***Ang Mga Pag-aakma sa Implasyon ay Ipinagpaliban Hanggang 2027.*** Ang pinakamababang sahod ay iaakma para sa implasyon bawat taon simula sa 2027. Ang mga pag-aakmang ito ay susunod sa kasalukuyang mga alituntuning inilarawan sa unahan.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULOY

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Ang mga Epekto sa Pananalapi ay Nakadepende sa mga Epekto sa Ekonomiya.*** Ang Proposisyon 32 ay maaaring magkaroon ng maraming epekto sa ekonomiya:

- ***Mas Mataas na mga Sahod.*** Ang mga manggagawa na kikita sana ng mas mababa sa $18 kada oras ay kikita sa halip ng $18 o higit pa kada oras sa 2026. Ang mas mataas na pinakamababang sahod ay may posibilidad ding magtaas ng sahod ng ibang mga manggagawa. Nangangahulugan ito na maraming manggagawa na kumikita ng mas mataas nang kaunti kaysa $18 kada oras ay malamang na makakuha ng umento.
- ***Malamang na Mas Mataas na mga Presyo.*** Ang mas mataas na mga sahod ay magpapataas ng gastos para sa maraming negosyo. Malamang na sisingilin ng ilang negosyo ang mga parokyano ng mas mataas na mga presyo. Ang pangkalahatang pagtaas ng presyo mula sa Proposisyon 32 ay malamang na mas maliit kaysa kalahati ng 1 porsyento.
- ***Malamang na Mas Mababang mga Tubo.*** Ang mga gastos sa mas mataas na sahod ay malamang na makakabawas sa mga tubo ng ilang negosyo.
- ***Epekto sa Trabaho.*** Ang bilang ng mga trabaho sa estado ay maaaring tumaas o bumaba. Ang pagbabagong ito ay malamang na mas maliit kaysa isang-kapat ng 1 porsyento.

***Maaaring Tumaas o Bumaba ang Gastos ng Pamahalaan.*** Ang Proposisyon 32 ay magtataas ng mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan sa ilang mga paraan ngunit babawasan ang mga ito sa ibang mga paraan:

- ***Mas Mataas na Gastos ng Pamahalaan para sa Pagbabayad sa mga Manggagawa.*** Ang estado at maraming lokal na pamahalaan ay magkakaroon ng mas mataas na gastos sa pagbabayad sa kanilang mga empleyado. Magkakaroon din sila ng mas mataas na gastos sa pagbabayad para sa trabahong ginawa ng mga manggagawang hindi nila empleyado.
- ***Mga Matitipid Mula sa Mababang Pagpapatala sa Mga Programa sa Kalusugan at Serbisyong Pantao.*** Babaguhin ng Proposisyon 32 ang bilang ng mga taong nakatala sa mga programang pangkalusugan at serbisyong pantao (gaya ng programang Medicaid ng California, Medi-Cal) dahil babaguhin nito ang mga kita ng mga tao. Ang mga pagbabagong ito sa pagpapatala ay malamang na makakabawas sa mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan.

**Kung pagsasamahin ang dalawang pirasong ito, maaaring tumaas o bumaba ang kabuuang gastos ng estado at lokal na pamahalaan. Ang pagbabagong ito ay malamang na hindi lalampas sa mataas na daan-daang milyong dolyar bawat taon (taon-taon).** (Ang kabuuang paggasta ng estado at lokal na pamahalaan sa California ay higit sa $500 bilyon taun-taon.)

Ang pagbabago sa mga gastos sa Pangkalahatang Pondo ng estado ay malamang na mas mababa kaysa kalahati ng 1 porsyento ng kabuuang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang karamihan sa mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan.)

***Mas Mababang mga Kita.*** Maaapektuhan ng Proposisyon 32 ang kita mula sa buwis sa kita at buwis sa pagbebenta dahil babaguhin nito ang mga kita at presyo. Sa pangkalahatan, malamang na mababawasan ng proposisyon ang mga kita ng estado at lokal na pamahalaan. Magiging mas mababa ang mga kita dahil sa mas mababang mga kita ng mga may-ari ng negosyo. Ang netong pagkawala ng kita ay malamang na hindi lalampas sa ilang daang milyong dolyar taun-taon. Noong nakaraang taon, ang kabuuang kita ng estado at lokal na pamahalaan mula sa mga buwis na ito ay humigit-kumulang $200 bilyon.

**Bisitahin ang *sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2024-ballot-measure-contribution-totals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.**

**Bisitahin ang *fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.**



Para sa buong teksto ng Proposisyon 32, tingnan ang pahina 97.